

DRUG MEDI-CAL ORGANIZED DELIVERY SYSTEM HANDBOOK NG BENEPISYADO

LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
BEHAVIORAL HEALTH SERVICES (BHS)
SUBSTANCE USE DISORDER SERVICES (SUD)



San Francisco
Health Network

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH

English

ATTENTION: If you speak another language, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200).

Español (Spanish)

ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200).

Tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200).

Tagalog (Tagalog/Filipino)

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-xxx-xxx-xxxx 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200).

한국어 (Korean)

주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (번으로 전화해 주십시오: 1-888-484-7200).

繁體中文 (Chinese)

注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200)。

Հայերեն (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Չանգահարեք 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY (հեռատիպ)՝ 1-888-484-7200)։

Русский (Russian)

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (телетайп: 1-888-484-7200).

فارسی (Farsi)

1-888-246-3333 توجه: اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با 3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200).

تماس بگیریید

日本語 (Japanese)

注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200)まで、お電話にてご連絡ください。

Hmoob (Hmong)

LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200).

ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

العربية (Arabic)

ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (رقم هاتف الصم والبكم: (1-888-484-7200)).

हिंदी (Hindi)

ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200) पर कॉल करें।

ภาษาไทย (Thai)

เรียน: ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200).

ខ្មែរ (Cambodian)

ប្រយ័ត្ន: អ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ, សេវាជំនួយមនុស្សធម៌ភាសា រោយមិនគិតថ្លៃ គឺអាចមានសំរាប់អ្នកបាន។ ចូលស្តី 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200)។

ພາສາລາວ (Lao)

ໂປດລາບ: ຖ້າວ່າ ທ່ານເວົ້າພາສາ ລາວ, ການບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາ, ໂດຍບໍ່ເສັຽຄ່າ, ແມ່ນມີພ້ອມໃຫ້ທ່ານ. ໂທ 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 1-888-484-7200).

TALAAN NG NILALAMAN

TALAAN NG NILALAMAN	4
PANGKALAHATANG IMPORMASYON	8
MGA SERBISYONG PANG-EMERHENSYA	8
BILANG MIYEMBRO NG PLANO NG DMC-ODS NG SAN FRANCISCO, ANG PLANO AY RESPONSABLE PARA SA	8
BILANG MIYEMBRO NG DMC-ODS PLAN NG IYONG COUNTY, ANG IYONG COUNTY PLAN ANG RESPONSABLE SA	10
IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NA NANGANGAILANGAN NG MGA MATERYALES SA IBANG WIKA	11
IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NA NAHIHIRAPANG MAGBASA.....	11
IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NA MAY KAPANSANAN SA PANDINIG.....	11
IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NA MAY KAPANSANAN SA PANINGIN	11
ABISO NG MGA GAWAIN SA PRIVACY	11
SINO ANG DAPAT KONG KONTAKIN KUNG SA TINGIN KO AKO AY NADISKRIMINA?	12
PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN	12
OFFICE OF CIVIL RIGHTS (OPISINA NG KARAPATANG SIBIL)	13
MGA SERBISYO	14
ANO ANG MGA SERBISYONG DMC-ODS?.....	14
MGA SERBISYO PARA SA OUTPATIENT	14
INTENSIVE OUTPATIENT SERVICES O MGA MASINSINANG SERBISYO PARA SA OUTPATIENT	15
PARTIAL HOSPITALIZATION O BAHAGYANG PAG-OOSPITAL (MAAARI LAMANG SA ILANG MGA COUNTY)	15
RESIDENTIAL TREATMENT (SUMASAILALIM SA AWTORISASYON NG COUNTY).....	15
WITHDRAWAL MANAGEMENT	16
OPIOID TREATMENT	17
MEDICATION ASSISTED TREATMENT (NAG-IIBA-IBA AYON SA COUNTY).....	17
RECOVERY SERVICES O MGA SERBISYO SA PAGGALING	18
CASE MANAGEMENT O PANGANGASIWA NG KASO	18
EARLY PERIODIC SCREENING, DIAGNOSIS, AND TREATMENT (EPSDT)	19
PAANO MAKAKUHA NG MGA SERBISYONG DMC-ODS	19
PAANO AKO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYONG DMC-ODS?.....	19
KAHINGAN SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA	20

KAILAN AKO MAAARING HUMILING NA PANATILIHIN ANG AKING TAGAPAGKALOOB NA DATING NASA NETWORK NGUNIT HINDI NA KASAMA SA NETWORK NGAYON?	20
PAANO KO HIHILINGIN NA PANATILIHIN ANG AKING TAGAPAGKALOOB NA WALA SA NETWORK?	20
PAANO KUNG NAGPATULOY AKONG MAGPATINGIN SA AKING TAGAPAGKALOOB NA WALA SA NETWORK PAGKATAPOS LUMIPAT SA COUNTY PLAN?	20
BAKIT TATANGGIHAN NG COUNTY PLAN ANG AKING KAHILINGAN SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?	20
ANO ANG MANGYAYARI KUNG TINANGGIHAN ANG AKING KAHILINGAN SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?	21
ANO ANG MANGYAYARI KUNG INAPRUBAHAN ANG AKING KAHILINGAN PARA SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?	21
GAANO KABILIS MAPOPROSESO ANG AKING KAHILINGAN PARA SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?	21
ANO ANG MANGYAYARI SA KATAPUSAN NG PANAHON NG PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?	21
SAAN KO MAKUKUHA ANG MGA SERBISYONG DMC-ODS?	22
MGA PANGANGALAGA PAGKATAPOS NG NORMAL NA ORAS NG TRABAHO	22
PAANO KO MALALAMAN KUNG KAILAN KO KAILANGAN NG TULONG?	22
PAANO KO MALALAMAN KUNG KAILAN NANGANGAILANGAN NG TULONG ANG ISANG BATA O TEENAGER?	22
PAANO MAKAKUHA NG MGA SERBISYO SA KALUSUGANG PANGKAISIPAN	23
SAAN AKO MAAARING MAKAKUHA NG MGA PANTANGING SERBISYO SA KALUSUGANG PANGKAISIPAN?	23
MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN	23
ANO ANG MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN AT BAKIT ITO NAPAKAHALAGA?	23
ANO ANG MGA PAMANTAYAN PARA SA ‘MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN’ PARA SA COVERAGE NG MGA SERBISYO SA PAGGAMOT NG SUBSTANCE USE DISORDER?	23
PAGPILI NG TAGAPAGKALOOB	24
PAANO AKO MAKAKAHANAP NG ISANG TAGAPAGKALOOB PARA SA MGA SERBISYO NA PAGGAMOT NG SUBSTANCE USE DISORDER NA KAILANGAN KO?	24
SA SANDALING MAKAHANAP AKO NG TAGAPAGKALOOB, MAAARI BANG SABIHIN NG COUNTY PLAN SA TAGAPAGKALOOB KUNG ANONG MGA SERBISYO ANG KUKUNIN KO? ..	25
ALING MGA TAGAPAGKALOOB ANG GINAGAMIT NG AKING DMC-ODS PLAN?	26
NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION	26
ANO ANG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION?	26
KAILAN AKO MAKAKAKUHA NG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION?	26
LAGI BA AKONG MAKAKATANGGAP NG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION KAPAG HINDI KO MAKUKUHA ANG MGA SERBISYONG NAIS KO?	27

ANO ANG SASABIHIN SA AKIN NG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION?	27
ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KAPAG NAKATANGGAP AKO NG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION?	28
MGA PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA	28
PAANO KUNG HINDI KO MAKUHA ANG MGA SERBISYO NA NAIS KO MULA SA DMC-ODS PLAN NG AKING COUNTY?	28
MAAARI BA AKONG MAKAKUHA NG TULONG SA PAGHAIN NG APELA, HINAING O PAGHILING NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO (STATE FAIR HEARING)?	29
PAANO KUNG KAILANGAN KO NG TULONG SA PAGLUTAS NG PROBLEMA SA DMC-ODS PLAN NG AKING COUNTY PERO HINDI KO GUSTONG MAGHAIN NG HINAING O APELA? ..	29
ANG PROSESO NG KARAINGAN	29
ANO ANG KARAINGAN?	29
KAILAN AKO MAGHAHAIN NG KARAINGAN?	30
PAANO AKO MAGHAHAIN NG KARAINGAN?	30
PAANO KO MALALAMAN KUNG NATANGGAP NG COUNTY PLAN ANG AKING KARAINGAN?	30
KAILAN PAGPAPASYAHAN ANG AKING KARAINGAN?	30
PAANO KO MALALAMAN KUNG NAGPASYA NA ANG COUNTY PLAN TUNGKOL SA AKING KARAINGAN?	31
MAYROONG BANG DEADLINE PARA MAGHAIN NG KARAINGAN?	31
ANG PROSESO NG APELA (Karaniwan at Pinabilis)	31
ANO ANG KARANIWANG APELA?	31
KAILAN AKO MAAARING MAGHAIN NG APELA?	32
PAANO AKO MAKAKAPAGHAIN NG APELA?	33
PAANO KO MALALAMAN KUNG NAPAGPASYAHAN NA ANG AKING APELA?	33
MAYROON BANG DEADLINE SA PAGHAIN NG APELA?	33
KAILAN GAGAWIN ANG PAGPAPASYA TUNGKOL SA AKING APELA?	34
PAANO KUNG HINDI AKO MAKAKAHINTAY NG 30 ARAW PARA SA DESISYON SA AKING APELA?	34
ANO ANG PINABILIS NA APELA?	34
KAILAN AKO MAAARING MAGHAIN NG PINABILIS NA APELA?	34
ANG PROSESO NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO	35
ANO ANG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO (STATE FAIR HEARING)?	35
ANO ANG MGA KARAPATAN KO SA PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?	35
KAILAN AKO MAAARING MAG-FILE PARA SA ISANG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO? ..	35
PAANO AKO HIHILING NG ISANG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?	36
MAY DEADLINE BA SA PAG-FILE NG ISANG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?	36

MAAARI BA AKONG MAGPATULOY SA MGA SERBISYO HABANG NAGHIHINTAY NG DESISYON SA PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?	37
PAANO KUNG HINDI AKO MAKAKAHINTAY NG 90 ARAW PARA SA DESISYON SA AKING PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?	37
MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMANG MEDI-CAL NG ESTADO NG CALIFORNIA	37
SINO ANG MAAARING MAKAKUHA NG MEDI-CAL?.....	37
KAILANGAN KO BANG MAGBAYAD PARA SA MEDI-CAL?	38
SAGOT BA NG MEDI-CAL ANG TRANSPORTASYON?	38
MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG MIYEMBRO	39
ANO ANG MGA KARAPATAN KO BILANG ISANG TUMATANGGAP NG MGA SERBISYONG DMC-ODS?	39
ANO ANG AKING MGA RESPONSABILIDAD BILANG ISANG TAGATANGGAP NG MGA SERBISYONG DMC-ODS?	40
DIREKTORYO NG MGA TAGAPAGKALOOB	41

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

MGA SERBISYONG PANG-EMERHENSYA

Nasasaklaw ang mga serbisyong pang-emerhensya 24 na oras sa isang araw at 7 araw sa isang linggo. Kung sa tingin mo ikaw ay nakakaranas ng isang emerhensyang may kaugnayan sa kalusugan, tawagan ang 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room para humingi ng tulong.

Ang mga Serbisyong Pang-emerhensya ay mga serbisyong ipinagkakaloob para sa isang di inaasahang kondisyong medikal, kabilang ang emerhensyang saykayatriko (psychiatric emergency) na kondisyong medikal.

Umiiral ang isang emerhensyang kondisyong medikal kapag mayroon kang mga sintomas na nagdudulot ng matinding sakit o malubhang karamdaman o pinsala, na pinaniniwalaan ng isang karaniwang maingat na taong hindi konektado sa medikal na propesyon, na makatuwirang asahan na kung hindi bigyan ng pangangalagang medikal ay maaaring:

- Maglagay sa iyong kalusugan sa malubhang panganib, o
- Kung ikaw ay buntis, maglagay sa panganib ng kalusugan mo o ng iyong hindi pa ipinanganak na sanggol, o
- Magdulot ng malubhang pinsala sa kung paano gumagana ang iyong katawan, o
- Magdulot ng malubhang pinsala sa anumang organo o parte ng katawan.

May karapatan kang gumamit ng anumang ospital sa kaso ng emerhensya. Hindi kailanman kailangan ng awtorisasyon ng mga serbisyong pang-emerhensya.

Sino ang Dapat Kong Kontakin Kung Sumasagi sa Isip Ko ang Pagpapakamatay?

Kung ikaw o ang isang kakilala mo ay nasa isang krisis, mangyaring tawagan ang National Suicide Prevention Lifeline sa 1-800-273-TALK (8255).

Para sa mga lokal na residente na naghahanap ng tulong sa isang krisis at para ma-access ang mga lokal na programa para sa kalusugang pangkaisipan, mangyaring tumawag sa 1-888-246-3333.

BILANG MIYEMBRO NG PLANO NG DMC-ODS NG SAN FRANCISCO, ANG PLANO AY RESPONSABLE PARA SA

Pagbibigay-alam kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng DMC-ODS mula sa County ng San Francisco o ang network nito ng tagapagkaloob ng serbisyo.

- Koordinasyon sa iyong pangangalaga.

- Pagbibigay ng isang toll-free na numero ng telepono (888-246-3333) na sumasagot 24 na oras sa isang araw at 7 araw sa isang linggo na magsasabi sa iyo ng tungkol sa kung paano kumuha ng mga serbisyo mula sa plano ng county. Maaari mo ring kontakin ang plano ng county sa numerong ito upang humiling ng makukuhang pangangalaga pagkaraan ng normal na oras ng trabaho (after-hours care).
- Pagkakaroon ng sapat na mga tagapagkaloob ng serbisyo upang matiyak na maaari kang makakuha ng mga serbisyo ng paggamot ng SUD na sakop ng plano ng county kung kailangan mo ang mga ito.
- Pagpapaalam at pagtuturo sa iyo ng tungkol sa mga serbisyong makukuha mula sa iyong plano ng county.
- Pagkaloob sa iyo ng mga serbisyo sa iyong wika o sa pamamagitan ng isang interpreter (kung kinakailangan) nang walang bayad at pagbibigay-alam sa iyo na mayroong mga serbisyo ng mga interpreter na ito.
- Pagkaloob sa iyo nang nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang maari mong makuha sa iba pang mga wika o pormularyo. Ang San Francisco ay nagbibigay ng lahat ng mga pormularyo sa Spanish, Vietnamese, Cantonese, Russian, at Tagalog. Para sa impormasyon tungkol sa mga materyales sa mga wikang ito, makukuhang alternatibong mga pormat, pagkakaroon ng mga pantulong at serbisyo, atbp. pumunta sa:
<https://www.sfdph.org/dph/comupg/aboutdph/insideDept/CLAS/CLASResources.asp>
- Pagbibigay sa iyo ng paunawa sa anumang makabuluhang pagbabago ng impormasyon na nakasaad sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago ng itinakdang epektibong petsa ng pagbabago. Ang pagbabago ay ituturing na makabuluhan kapag may pagtaas o pagbaba sa halaga o uri ng mga serbisyong magagamit, o kung may pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa network, o kung may anumang iba pang pagbabago na may epekto sa mga tinatanggap mong serbisyo sa Plano ng County.
- Pagbibigay-alam sa iyo kung ang anumang kinontratang tagapagkaloob ng serbisyo ay tumatanggi na gumanap o kung hindi man sumusuporta sa anumang sakop na serbisyo dahil sa moral, etikal, o relihiyoso na mga pagtutol at pagpapaalam sa iyo ng mga alternatibong tagapagkaloob ng serbisyo na nag-aalok ng sakop na serbisyo.
- Para sa impormasyon at pagsangguni sa mga serbisyo sa paggamit sa substansiya (substance use services), tumawag sa toll free Behavioral Health Access Line sa: 1-888-246-3333.

Mahalagang maunawaan mo kung paano gumagana ang plano sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS) upang makuha mo ang pangangalagang kailangan mo.

Ipinapaliwanag ng handbook na ito ang iyong mga benepisyo ang kung paano makakakuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang marami sa iyong mga katanungan.

Matututunan mo:

- Kung paano tumanggap ng mga serbisyo ng paggamot sa *substance use disorder (SUD)* sa pamamagitan ng DMC-ODS plan ng iyong county
- Kung anong mga benepisyo ang maaari ka

- Kung ano ang gagawin kung mayroon kang tanong o problema
- Ang iyong mga karapatan at pananagutan bilang isang miyembro ng DMC-ODS plan ng iyong county

Kung hindi mo babasahin ngayon ang handbook na ito, dapat mong itago ang handbook na ito para mabasa mo mamaya.

Gamitin ang handbook na ito bilang karagdagan sa handbook ng miyembro na natanggap mo nung nag-enroll ka sa iyong kasalukuyang benepisyo sa Medi-Cal. Maaari itong sa *Medi-Cal managed care plan* o sa regular na *Medi-Cal "Fee for Service"* na programa.

BILANG MIYEMBRO NG DMC-ODS PLAN NG IYONG COUNTY, ANG IYONG COUNTY PLAN ANG RESPONSABLE SA ...

- Pagtutukoy kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga serbisyong DMC-ODS mula sa county o sa network ng tagapagkaloob (provider) nito.
- Pag-aayos ng iyong pangangalaga.
- Pagbibigay ng isang toll-free na numero ng telepono na sinasagot nang 24 na oras sa isang araw at 7 araw sa isang linggo na makapagsasabi sa iyo kung paano makakuha ng mga serbisyo mula sa County Plan. Maaari mo ring tawagan ang County Plan sa numerong ito upang hilingin ang availability ng pangangalaga pagkatapos ng normal na oras ng trabaho.
- Pagkakaroon ng sapat na mga tagapagkaloob ng serbisyo upang tiyakin na makukuha mo ang mga serbisyo ng paggamot ng SUD na sakop ng County Plan kapag kailangan mo ito.
- Pagbibigay-alam at pagtuturo sa iyo tungkol sa mga serbisyong maaari mula sa iyong County Plan.
- Pagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa iyong wika o sa pamamagitan ng isang tagapagsaling-wika (kung kinakailangan) nang libre at pagbibigay-alam sa iyo na mayroong mga serbisyong ganito sa pagsasaling-wika.
- Pagkakaloob sa iyo nang nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang maari mong makuha sa iba pang mga wika o pormularyo. Ang San Francisco ay nagbibigay ng lahat ng mga promularyo sa Spanish, Vietnamese, Cantonese, Russian, at Tagalog. Para sa impormasyon tungkol sa mga materyales sa mga wikang ito, makukuhang alternatibong mga pormat, pagkakaroon ng mga pantulong at serbisyo, atbp. pumunta sa:
<https://www.sfdph.org/dph/comupg/aboutdph/insideDept/CLAS/CLASResources.asp>
- Pagbibigay sa iyo ng abiso ng anumang makabuluhang pagbabago sa impormasyon na tinukoy sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago ang nilalayong petsa ng pagiging epektibo ng pagbabago. Ang isang pagbabago ay ituturing na makabuluhan kung mayroong malaking dagdag o bawas sa halaga o uri ng mga serbisyo na available, o kung mayroong dagdag o bawas sa bilang ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa network, o kung mayroong anumang iba pang

pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyo na natatanggap mo sa pamamagitan ng County Plan.

- Pagbibigay-alam sa iyo kung mayroong anumang kinontratang tagapagkaloob na tumanggi na gawin o hindi suportahan ang anumang sakop na serbisyo dahil sa mga pagtutol na may kaugnayan sa moral, etikal, o panrelihiyong dahilan at pagbibigay-alam sa iyo ng mga alternatibong tagapagkaloob na nag-aalok ng sakop na serbisyo.
- Pagtitiyak na ikaw ay may patuloy na access sa iyong dating tagapagkaloob ng serbisyo na wala na ngayon sa network para sa isang tagal ng panahon kung ang pagpapalit ng tagapagkaloob ng serbisyo ay magiging sanhi ng pagdurusa ng iyong kalusugan o pagpapalala ng panganib na ikaw ay maospital.

Para sa impormasyon at pagsangguni sa mga serbisyo sa paggamit sa substansiya (substance use services), tumawag sa toll free **Behavioral Health Access Line sa: 1-888-246-3333.**

IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NA NANGANGAILANGAN NG MGA MATERYALES SA IBANG WIKA

Sa mga miyembro na nangangailangan ng materyales sa ibang wika, mangyaring bumisita sa:
<https://www.sfdph.org/dph/comupg/aboutdph/insideDept/CLAS/CLASResources.asp>

IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NA NAHIHIRAPANG MAGBASA

Sa mga miyembro na may problema sa pagbabasa, mangyaring bumisita sa:
<https://www.sfdph.org/dph/comupg/aboutdph/insideDept/CLAS/CLASResources.asp>

IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NA MAY KAPANSANAN SA PANDINIG

Sa mga miyembro na may kahinaan sa pandinig, mangyaring bumisita sa:
<https://www.sfdph.org/dph/comupg/aboutdph/insideDept/CLAS/CLASResources.asp>

IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NA MAY KAPANSANAN SA PANINGIN

Sa mga miyembro na may kahinaan ang paningin ay maaaring humiling na magtakda ng iskedul ng pulong sa Department of Public Health, Behavioral Health Services Cultural Competency Coordinator (415) 255-3426 para sa mga pantulong na serbisyo ng brail. Ang Cultural Competency Coordinator ay maaari ring ayusin ang mga babasahing materyales ayon sa mga programa para sa mga kliyente.

ABISO NG MGA GAWAIN SA PRIVACY

San Francisco Department of Public Health Privacy Policy:

<https://www.sfdph.org/dph/files/PoliciesProcedures/PRI1-Privacy.pdfPolicy>

SINO ANG DAPAT KONG KONTAKIN KUNG SA TINGIN KO AKO AY NADISKRIMINA?

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang San Francisco Behavioral Health Services (Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali ng San Francisco) sa mga Pederal na mga batas sa mga karapatang sibil. Ang Behavioral Health Services ay hindi nandiskrimina, nagbukod ng mga tao, o itinuturing silang iba dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian.

Nagbibigay ang San Francisco Behavioral Health Services ng:

- Libreng tulong at mga serbisyo sa mga may kapansanan upang tulungan sila na makipag-ugnayan nang mas mabuti, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong tagasalin ng sign language
 - Nakasulat na impormasyon sa ibang mga format (malaking print, audio, magagamit na mga electronic na format, ibang mga format)
- Libreng serbisyo sa wika para sa mga tao na hindi pangunahing wika ang Ingles, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong tagasalin
 - Impormasyon na nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Behavioral Health Access Center (Sentro ng Access sa Kalusugan ng Pag-uugali) 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-246-3333, o kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa TDD: 1-888-484-7200.

PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN

Kung naniniwala ka na hindi nakapagbigay ang San Francisco Behavioral Health Services ng mga serbisyong ito o nagkaroon ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari kang maghain ng karaingan sa San Francisco Behavioral Health Services. Maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono, sulat, o sa personal:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa Behavioral Health Access Center (Sentro ng Access sa Kalusugan ng Pag-uugali) 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-246-3333. O kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa TDD: 1-888-484-7200.

- Sa pamamagitan ng pagsulat: Sagutan ang form para sa karaingan, o sumulat ng liham at ipadala ito sa:

**San Francisco Behavioral Health Services
Grievance/Appeal Office
1380 Howard Street, 2nd Floor
San Francisco, CA 94103**

- Sa Personal: Bisitahin ang opisina ng iyong provider o ang Behavioral Health Access Center at ihayag na gusto mong maghain ng karaingan.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS (OPISINA NG KARAPATANG SIBIL)

Maaari ka rin maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services (Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao), Office for Civil Rights sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat, o sa electronic na paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Sagutan ang form para sa reklamo o magpadala ng liham sa:

**U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201**

Makukuha ang mga form para sa reklamo sa
<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Sa electronic na paraan: Bisitahin ang Complaint Portal ng Office for Civil Rights sa
<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.

Maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa karapatang sibil sa paraang elektroniko sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa pamamagitan ng Office for Civil Rights Complaint Portal, na makikita sa

<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf>.

Maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa pamamagitan ng koreo o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)

Ang mga form para sa reklamo ay matatagpuan sa <https://www.hhs.gov/ocr/filing-with-ocr/index.html>.

MGA SERBISYO

ANO ANG MGA SERBISYONG DMC-ODS?

Ang mga serbisyong DMC-ODS ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong mayroong kahit isang SUD na hindi magamot ng regular na doktor.

Kabilang sa mga serbisyong DMC-ODS ang:

- Mga Serbisyo para sa Outpatient
- *Intensive Outpatient Treatment* o Masinsinang Paggamot sa Outpatient
- *Partial Hospitalization* (maaari lamang sa ilang mga county)
- *Residential Treatment* (sumasailalim sa paunang awtorisasyon ng county)
- *Withdrawal Management*
- *Opioid Treatment*
- *Medication Assisted Treatment* (nag-iiba-iba ayon sa county)
- *Recovery Services* o Mga Serbisyo sa Paggaling
- *Case Management* o Pangangasiwa ng Kaso

Kung nais mong malaman ang higit pa tungkol sa bawat serbisyong DMC-ODS na maaaring available sa iyo, tingnan ang mga paglalarawan sa ibaba:

MGA SERBISYO PARA SA OUTPATIENT

- Ang mga serbisyo sa pagpapayo (counseling) ay ibinibigay sa mga miyembro nang hanggang siyam na oras kada linggo para sa mga matatanda at mas mababa sa anim na oras kada linggo para sa mga kabataan kapag natukoy na medikal na kinakailangan at alinsunod sa isang *individualized client plan*. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o sertipikadong tagapayo sa anumang naaangkop na setting sa komunidad.
- Kabilang sa mga Serbisyo para sa Outpatient ang pagtanggap at pagsusuri, pagpapalano ng paggamot, indibidwal na pagpapayo, grupong pagpapayo, family therapy, mga collateral na serbisyo, pagtuturo sa miyembro, mga serbisyo sa

gamot, mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis o *crisis intervention*, at pagpapalano ng pag-discharge.

INTENSIVE OUTPATIENT SERVICES O MGA MASINSINANG SERBISYO PARA SA OUTPATIENT

- Ang *Intensive Outpatient Services* ay ibinibigay sa mga miyembro (pinakamababa ang siyam na oras at pinakamataas ang 19 na oras kada linggo para sa matatanda at pinakamababa ang anim na oras at pinakamataas ang 19 na oras kada linggo para sa mga kabataan) kapag natukoy na medikal na kinakailangan at alinsunod sa isang *individualized client plan*. Ang mga serbisyo ay pangunahing binubuo ng pagpapayo at pagtuturo tungkol sa mga problema na may kaugnayan sa adiksiyon. Ang mga serbisyo ay maaaring ipagkaloob ng isang lisensyadong propesyonal o sertipikadong tagapayo sa anumang naaangkop na setting sa komunidad.
- Kabilang sa *Intensive Outpatient Services* ang parehong mga bagay na bumubuo sa Mga Serbisyo para sa Outpatient. Ang pangunahing pagkakaiba ay ang dagdag na bilang ng oras ng serbisyo.

PARTIAL HOSPITALIZATION O BAHAGYANG PAG-OOSPITAL (MAAARI LAMANG SA ILANG MGA COUNTY)

- Ang mga serbisyo sa *Partial Hospitalization* ay nagtatampok ng 20 o higit pang oras ng *clinically intensive programming* kada linggo, na tinukoy sa plan sa paggamot sa miyembro. Ang mga programa na *partial hospitalization* ay tipikal na may direktang access sa mga serbisyong saykayatriko, medikal, at pang-laboratoryo, at ito ay para tugunan ang mga tinukoy na pangangailangan na dapat may araw-araw na pagsubaybay o pamamahala na maaaring tugunan nang angkop sa isang nakabalangkas na setting para sa outpatient.
- Ang mga serbisyo sa *Partial Hospitalization* ay katulad ng *Intensive Outpatient Services*, ngunit ang pangunahing pagkakaiba ay ang dagdag sa bilang ng oras at karagdagang access sa mga serbisyong medikal.

RESIDENTIAL TREATMENT (SUMASAILALIM SA AWTORISASYON NG COUNTY)

- Ang *Residential Treatment* ay isang non-institutional, 24 na oras na hindi medikal at panandaliang programang residential na nagbibigay ng mga serbisyo sa rehabilitasyon sa mga miyembro na may SUD diagnosis kapag natukoy na kinakailangang medikal at alinsunod sa isang individualized na plan ng paggamot. Ang bawat miyembro ay titira sa lugar na inatas at susuportahan sa kanilang mga pagsisikap na mapanumbalik, mapanatili, at maggamit ang mga kakayahan sa

pamumuhay nang interpersonal at mag-isa at ma-access ang mga sistema ng suporta ng komunidad. Nagtutulungan ang mga tagapagkaloob ng serbisyo at ang mga residente para tukuyin ang mga hadlang, itakda ang mga prayoridad, buuin ang mga layunin, gumawa ng mga plano ng paggamit, at lutasin ang mga problema na may kaugnayan sa SUD. Kabilang sa mga layunin ang pagpapanatili ng *abstinence*, paghahanda para sa mga *relapse trigger*, pagpapabuti ng personal na kalusugan at paggana sa lipunan, at pagsasailalim sa patuloy na pangangalaga.

- Ang mga *residential service* ay nangangailangan ng paunang awtorisasyon ng County Plan. Ang bawat awtorisasyon para sa mga residential service ay maaari para sa pinakamatagal na ang 90 araw para sa matatanda at 30 araw para sa kabataan. Dalawang awtorisasyon lamang ang pinahihintulutan para sa mga residential service sa loob ng isang taon. Posibleng magkaroon ng isang 30-araw na extension kada taon batay sa pangangailangang medikal. Ang mga buntis ay maaaring makatanggap ng mga residential service hanggang sa huling araw ng buwan kung kailan papatak ang ika-60 araw pagkatapos ng panganganak. Ang mga miyembrong karapat-dapat sa Early Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment (EPSDT) (wala pang 21 taong gulang) ay walang mga limitasyon sa awtorisasyon na inilarawan sa itaas hangga't napagtibay ng pangangailangang medikal ang pangangailangan para sa patuloy na residential service.
- Kabilang sa mga Residential Service ang pagtanggap at pagsusuri, pagpapalano ng paggamot, indibidwal na pagpapayo, grupong pagpapayo, family therapy, mga collateral na serbisyo, pagtuturo sa miyembro, mga serbisyo sa gamot, pangangalaga ng mga gamot (Itatago sa mga pasilidad ang lahat ng gamot ng residente at ang mga kawani ng pasilidad ay maaaring tumulong sa pagbibigay ng gamot sa sarili ng mga residente), mga serbisyo sa pamamagitan sa krisis o *crisis intervention*, transportasyon (pagbibigay o pag-aayos ng transportasyon papunta at pabalik sa paggamot na kinakailangang medikal) at pagpapalano ng pag-discharge.

WITHDRAWAL MANAGEMENT

- Ang mga serbisyo na *Withdrawal Management* ay ipinagkakaloob kapag tinukoy na medikal na kinakailangan at alinsunod sa isang *individualized client plan*. Ang bawat miyembro ay maninirahan sa pasilidad kung tumatanggap ng *residential service* at susubaybayan sa proseso ng detoxification. Ang mga serbisyong *habilitative* at *rehabilitative* na medikal na kinakailangan ay ibinibigay nang alinsunod sa isang *individualized client plan* na inirekumenda ng lisensyadong doktor, o lisensyadong taga-reseta at inaprubahan at binigyan ng awtorisasyon ayon sa mga kinakailangan ng Estado ng California.
- Kabilang sa mga Serbisyo na Withdrawal Management ang pagtanggap at pagsusuri, obserbasyon (upang suriin ang estadong pangkalusugan at tugon sa

anumang iniresetang gamot), mga serbisyo sa gamot, at pagpapalano ng pag-discharge.

OPIOID TREATMENT

- Ang mga serbisyo na Opioid (Narcotic) Treatment Program (OTP/NTP) ay ibinibigay sa mga lisensyadong pasilidad ng NTP. Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay ibinibigay nang alinsunod sa isang *individualized client plan* na tinukoy ng isang lisensyadong doktor o lisensyadong taga-reseta, at inaprubahan at binigyan ng awtorisasyon ayon sa mga kinakailangan ng Estado ng California. Ang mga OTP/NTP ay kinakailangan para mag-alok at mag-reseta ng mga gamot sa mga miyembro na nasasakop ng pormularyo ng DMC-ODS kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Dapat tumanggap ang isang miyembro, pinakamababa na ang 50 minutong sesyon ng pagpapayo (counseling) sa isang therapist o counselor nang hanggang 200 minuto kada buwan ng kalendaryo, bagaman ang mga karagdagang serbisyo ay maaaring ibigay batay sa pangangailangang medikal.
- Kabilang sa mga Serbisyo na Opioid Treatment ang parehong mga tampok ng Mga Serbisyo sa Paggamot ng Outpatient, at dagdag pa rito ang medical psychotherapy na binubuo ng harap-harapang talakayan na isasagawa ng isang doktor nang isahan sa miyembro.

MEDICATION ASSISTED TREATMENT (NAG-IIBA-IBA AYON SA COUNTY)

- Ang mga Serbisyo na Medication Assisted Treatment (MAT) ay maaari sa labas ng OTP clinic. Ang MAT ay ang paggamit ng mga de-resetang gamot, kasabay ng mga pagpapayo at therapy sa pag-uugali (counseling and behavioral therapy), upang magbigay ng isang pangkalahatang-katauhan na paraan ng paggamot ng SUD. Ang pagbibigay ng antas na ito ng serbisyo ay opsyonal para sa mga lumalahok na county.
- Kabilang sa mga serbisyo sa MAT ang pag-o-order, pagre-reseta, pagbibigay ng gamot, at pagsusubaybay ng lahat ng gamot para sa SUD. Partikular ang dependence o adiksiyon sa opioid at alak na may mga subok na na mga pagpipiliang medikasyon. Ang mga doktor at iba pang taga-reseta ay maaaring mag-alok ng mga gamot sa mga miyembro na sakop ng pormularyo ng DMC-ODS kabilang ang buprenorphine, naloxone, disulfiram, Vivitrol, acamprosate, o anumang gamot na inaprubahan ng FDA para sa paggamot ng SUD.

RECOVERY SERVICES O MGA SERBISYO SA PAGGALING

- Ang mga Serbisyo sa Paggaling ay mahalaga sa paggaling at kalusugan ng miyembro. Ang komunidad sa paggamot ay nagiging ahente ng paggaling na kung saan ang mga miyembro ay nabibigyang lakas at ihinahanda para mapamahalaan ang kanilang kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Samakatuwid, ang paggamot ay dapat magbigay-diin sa pinakamahalagang papel ng miyembro sa pamamahala ng kanilang kalusugan, gumamit ng epektibong mga estratehiya ng pagsuporta sa sariling pamamahala, at mag-organisa ng mga panloob at pang-komunidad na mapagkukunan upang magbigay ng patuloy na suporta sa sariling pamamahala sa mga miyembro.
- Kabilang sa mga Serbisyo sa Paggaling ang indibidwal at grupong pagpapayo; pagsubaybay ng paggaling/tulong sa pag-abuso sa droga (coaching sa paggaling, pag-iwas ng relapse, at mga serbisyo na *peer-to-peer*); at pangangasiwa ng kaso (mga link sa suportang pang-edukasyonal, bokasyonal, suporta sa pamilya, komunidad, kabahayan, transportasyon, at iba pang serbisyo batay sa pangangailangan).

CASE MANAGEMENT O PANGANGASIWA NG KASO

- Ang mga Serbisyo na Pangangasiwa ng Kaso ay tumutulong sa miyembro na maka-access sa kinakailangang medikal, edukasyonal, panlipunan, prevocational, vocational, rehabilitative, o iba pang mga serbisyong pangkomunidad. Ang mga serbisyong ito ay nakatuon sa pagsasaayos ng pangangalagang SUD, pagsasama nito sa pangunahing pangangalaga lalo na sa mga miyembro na may talamak na SUD, at interaksyon sa sistema ng hustisyang kriminal, kung kinakailangan.
- Kabilang sa mga Serbisyo sa Pangangasiwa ng Kaso ang isang komprehensibong pagtatasa at pana-panahong muling pagtatasa ng indibidwal na mga pangangailangan upang matukoy kung kailangang ipagpapatuloy ang mga serbisyo sa pamamahala ng kaso; ang paglipat sa mas mataas o mas mababang antas ng pangangalaga ng SUD; pagbuo at pana-panahong pagbabago ng plan ng kliyente na kabilang ang mga aktibidad sa serbisyo; komunikasyon, koordinasyon, pag-refer at mga may kaugnayang aktibidad; paghahatid ng serbisyo ng pagsubaybay upang tiyakin ang access ng miyembro sa serbisyo at ang sistema ng paghahatid ng serbisyo; pagsusubaybay ng paggaling ng miyembro; at, member advocacy, mga link sa pisikal at mental na pangangalagang pangkalusugan, transportasyon at pagpapanatili sa mga serbisyo ng pangunahing pangangalaga.
- Ang pangangasiwa ng kaso ay dapat hindi pabagu-bago at hindi lalabag sa pagiging kumpidensyal ng anumang miyembro na itinakda sa batas Pederal at ng California.

EARLY PERIODIC SCREENING, DIAGNOSIS, AND TREATMENT (EPSDT)

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, maaari kang makatanggap ng karagdagang serbisyo na medikal na kinakailangan sa ilalim ng Early and Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment (EPSDT). Kabilang sa mga serbisyong EPSDT ang screening, vision, dental, hearing at lahat ng iba pang mga serbisyo na medikal na kinakailangan na inaatas at opsyonal na nakalista sa batas pederal 42 U.S.C. 1396d(a) upang itama o mapabuti ang mga depekto at pisikal at mental na karamdaman at kondisyon na tinukoy sa isang EPSDT screening, sakop man ang mga serbisyo para sa matatanda o hindi. Ang mga tanging limitasyon o hindi kasama na naaangkop sa mga serbisyong EPSDT ay dapat ito ay medikal na kinakailangan at sulit sa halaga.

Para sa mas kumpletong paglalarawan ng mga serbisyong EPSDT na available at para masagot ang iyong mga katanungan, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng

PAANO MAKAKUHA NG MGA SERBISYONG DMC-ODS

PAANO AKO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYONG DMC-ODS?

Kung sa tingin mo kailangan mo ng mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder (SUD), maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng paghiling sa County Plan nito nang iyong sarili. Maaari mong tawagan ang toll-free na numero ng telepono ng iyong county na nakalista sa harapang bahagi ng handbook na ito. Maaari ka ring ma-refer sa iyong County Plan para sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD sa ibang paraan. Inaatasan ang iyong County Plan na tumanggap ng mga referral para sa mga serbisyo ng paggamot ng SUD mula sa mga doktor at iba pang mga tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga na naniniwalang maaaring kailangan mo ang mga serbisyong ito, at mula sa iyong Medi-Cal managed care na health plan, kung ikaw ay isang miyembro. Kadalasan, kakailanganin ng tagapagkaloob ng Medi-Cal managed care na health plan ang iyong permiso o permiso ng magulang o tagapag-alaga ng bata para gawin ang pag-refer, maliban na lang kung mayroong emerhensya. Maaari ring mag-refer ang iba pang mga tao at organisasyon sa county, kabilang ang mga paaralan; county welfare o mga kagawaran ng serbisyong panlipunan; mga conservator, mga tagapag-alaga o kapamilya; at mga ahensya na tagapagpatupad ng batas.

Ang mga sakop na serbisyo ay available sa pamamagitan ng network ng tagapagkaloob ng San Francisco. Kung mayroong anumang nakakontratang tagapagkaloob na tumutol sa pagsasagawa o hindi sumuporta sa anumang sakop na serbisyo, isasaayos ng San Francisco na isagawa ang serbisyo ng isa pang tagapagkaloob. Tutugon ang San Francisco nang may mga nasasapanahong referral at koordinasyon kung sakaling ang isang sakop na serbisyo ay hindi available mula sa isang tagapagkaloob dahil sa mga pagtutol sa sakop na serbisyo na may kaugnayan sa relihiyon, etika, o moralidad.

KAHILINGAN SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA

KAILAN AKO MAAARING HUMILING NA PANATILIHIN ANG AKING TAGAPAGKALOOB NA DATING NASA NETWORK NGUNIT HINDI NA KASAMA SA NETWORK NGAYON?

- Pagkatapos sumali sa County Plan, maaari mong hilingin na panatilihin ang iyong tagapagkaloob na wala sa network kung:
 - Ang paglilipat sa bagong tagapagkaloob ay magresulta sa isang malubhang pinsala sa iyong kalusugan o magpapataas ng panganib na maospital o mapasok sa institusyon; at
 - Tumatanggap ka ng paggamot sa tagapagkaloob na wala na sa network bago pa ang petsa ng iyong paglipat sa County Plan.

PAANO KO HIHILINGIN NA PANATILIHIN ANG AKING TAGAPAGKALOOB NA WALA SA NETWORK?

- Ikaw, ang iyong mga awtorisadong kinatawan, o ang iyong kasalukuyang tagapagkaloob ay maaaring magsumite ng isang nakasulat na kahilingan sa County Plan. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa mga serbisyo para sa mga miyembro sa 1-888-246-3333 para sa impormasyon kung paano humiling ng mga serbisyo mula sa isang tagapagkaloob na wala sa network.
- Magpapadala ang County Plan ng isang nakasulat na pagtanggap ng iyong kahilingan at sisimulan na iproseso ang iyong kahilingan sa loob ng tatlong (3) araw ng trabaho.

PAANO KUNG NAGPATULOY AKONG MAGPATINGIN SA AKING TAGAPAGKALOOB NA WALA SA NETWORK PAGKATAPOS LUMIPAT SA COUNTY PLAN?

- Maaari kang humiling ng isang paglilipat ng pangangalaga na retroactive o may bisa sa nakaraan, sa loob ng tatlong (30) araw ng kalendaryo mula sa pagkakatanggap ng mga serbisyo mula sa isang tagapagkaloob na wala sa network.

BAKIT TATANGGIHAN NG COUNTY PLAN ANG AKING KAHLINGAN SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?

- Maaaring tanggihan ng County Plan ang iyong kahilingan na panatilihin ang iyong dating tagapagkaloob na ngayon ay wala na sa network, kung:
 - May nadokumentong mga isyu sa kalidad ng pangangalaga ang tagapagkaloob

ANO ANG MANGYAYARI KUNG TINANGGIHAN ANG AKING KAHILINGAN SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?

- Kung tinanggihan ng County Plan ang paglilipat ng iyong pangangalaga, ito ay:
 - Aabisuhan ka nang nakasulat;
 - Mag-aalok sa iyo ng kahit na isang alternatibong tagapagkaloob na nasa loob ng network na nagbibigay ng parehong antas ng mga serbisyo sa tagapagkaloob na wala sa network; at
 - Magbibigay-alam sa iyo ng iyong karapatan na maghain ng hinaing kung hindi ka sumasang-ayon sa kanilang pagtanggap.
- Kung inalok ka ng County Plan ng maraming alternatibong tagapagkaloob na nasa network at hindi ka pumili, i-rerefer o itatalaga ka ng County Plan sa isang tagapagkaloob sa loob ng network at aabisuhan ka tungkol sa referral o pagtatakdang ito nang nakasulat.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG INAPRUBAHAN ANG AKING KAHILINGAN PARA SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?

- Sa loob ng pitong (7) araw mula sa pag-aproba ng iyong kahilingan sa paglilipat ng pangangalaga, bibigyan ka ng County Plan ng:
 - Pag-aproba sa kahilingan;
 - Tagal ng paglilipat ng pangangalaga;
 - Prosesong magaganap upang ilipat ang iyong pangangalaga sa pagtatapos ng panahon ng pagpapatuloy ng pangangalaga; at
 - Ang iyong karapatan na pumili ng ibang tagapagkaloob mula sa network ng mga tagapagkaloob ng County Plan anumang oras.

GAANO KABILIS MAPOPROSESO ANG AKING KAHILINGAN PARA SA PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?

- Kukumpletuhin ng County Plan ang pag-aaral ng iyong kahilingan para sa paglilipat ng pangangalaga sa loob ng tatlung (30) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagkakatanggap ng County Plan sa iyong kahilingan.

ANO ANG MANGYAYARI SA KATAPUSAN NG PANAHON NG PAGLILIPAT NG PANGANGALAGA?

- Aabisuhan ka ng County Plan nang nakasulat, tatlung (30) araw ng kalendaryo bago ang katapusan ng panahon ng paglilipat ng pangangalaga tungkol sa proseso na

magaganap upang ilipat ang iyong pangangalaga sa isang tagapagkaloob na nasa network sa katapusan ng iyong panahon ng paglilipat ng pangangalaga.

SAAN KO MAKUKUHA ANG MGA SERBISYONG DMC-ODS?

Nakikilahok ang San Francisco sa pilot program ng DMC-ODS. Dahil ikaw ay residente ng San Francisco, maaari kang makakuha ng mga serbisyong DMC-ODS sa county kung saan ka nakatira sa pamamagitan ng DMC-ODS County Plan. Ang iyong County Plan ay mayroong mga available na tagapagkaloob ng paggamot ng SUD para gamutin ang mga kondisyon na sakop ng plan. Ang iba pang mga county na nagbibigay ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal na hindi nakikilahok sa DMC-ODS pilot ay makapagbibigay ng regular na mga serbisyong DMC sa iyo kung kinakailangan. Kung wala ka pang 21 taong gulang, ikaw ay karapat-dapat din sa mga serbisyong EPSDT sa anumang iba pang county sa buong estado.

MGA PANGANGALAGA PAGKATAPOS NG NORMAL NA ORAS NG TRABAHO

Kontakin ang Behavioral Health Access Center; 1-888-246-3333. Para sa impormasyon at mga serbisyo ng pagsangguni na makukuha 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

PAANO KO MALALAMAN KUNG KAILAN KO KAILANGAN NG TULONG?

Maraming mga tao ang nagkakaroon ng panahon ng paghihirap sa buhay at maaaring makaranas ng mga problemang SUD. Ang pinakamahalagang tandaan kapag tinatanong ang iyong sarili kung kailangan mo ng propesyonal na tulong ay ang magtiwala sa sarili. Kung ikaw ay karapat-dapat sa Medi-Cal, at sa tingin mo maaaring kailangan mo ng propesyonal na tulong, dapat kang humiling ng pagtatasa mula sa iyong County Plan upang matiyak ito dahil ikaw ay kasalukuyang naninirahan sa isang county na nakikilahok sa DMC-ODS.

PAANO KO MALALAMAN KUNG KAILAN NANGANGAILANGAN NG TULONG ANG ISANG BATA O TEENAGER?

Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong nakikilahok na county DMC-ODS plan para sa isang pagtatasa para sa iyong anak na bata o teenager kung sa tingin mo na siya ay nagpapakita ng alinman sa mga senyales ng SUD. Kung kwalipikado para sa Medi-Cal ang iyong anak na bata o teenager at ipinapahiwatig ng pagtatasa ng county na kailangan ang mga serbisyo sa paggamot sa droga at alak na sakop ng nakikilahok na county, isasaayos ng county para makatanggap ng mga serbisyong ito ang iyong anak na bata o teenager.

PAANO MAKAKUHA NG MGA SERBISYO SA KALUSUGANG PANGKAISIPAN

SAAN AKO MAAARING MAKAKUHA NG MGA PANTANGING SERBISYO SA KALUSUGANG PANGKAISIPAN?

Maaari kang makakuha ng mga pantanging serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa county kung saan ka nakatira. Ang bawat county ay mayroong mga pantanging serbisyo sa kalusugang pangkaisipan para sa mga bata, kabataan, may sapat na gulang, at mas nakatatanda. Kung wala ka pang 21 taong gulang, ikaw ay maaari para sa Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment (EPSDT), na maaaring may kasamang karagdagang coverage at mga benepisyo.

Matutukoy ng iyong MHP kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan. Kung kailangan mo nga ng mga pantanging serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, ire-refer ka ng MHP sa isang tagapagkaloob ng kalusugang pangkaisipan.

MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN

ANO ANG MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN AT BAKIT ITO NAPAKAHALAGA?

Ang isa sa mga kondisyon na kinakailangan para makatanggap ng mga serbisyo sa paggamot ng SUD sa pamamagitan ng DMC-ODS plan ng iyong county ay ang tinatawag na 'medical necessity o medikal na pangangailangan.' Nangangahulugan ito na isang doktor o iba pang lisensyadong propesyonal ang kakausap sa iyo upang magpasya kung mayroong pangangailangang medikal para sa mga serbisyo, at kung matutulungan ka ng mga serbisyo kung tatanggapin mo ito.

Mahalaga ang terminong 'medikal na pangangailangan' dahil makakatulong ito sa pagpasya kung ikaw ay karapat-dapat sa mga serbisyong DMC-ODS, at anong mga serbisyong DMC-ODS ang naaangkop. Ang pagpasya ng medikal na pangangailangan ay isang napakahalagang bahagi ng proseso ng pagkuha ng mga serbisyong DMC-ODS.

ANO ANG MGA PAMANTAYAN PARA SA 'MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN' PARA SA COVERAGE NG MGA SERBISYO SA PAGGAMOT NG SUBSTANCE USE DISORDER?

Bilang bahagi ng pagpapasya kung kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot sa SUD, makikipagtulungan ang county DMC-ODS plan sa iyo at sa iyong tagapagkaloob upang pagpasyahan kung ang mga serbisyo ay isang medikal na pangangailangan, tulad ng ipinaliwanag sa itaas. Ipinapaliwanag nito kung paano gagawin ng kasaling county mo ang desisyong iyon.

Upang makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng DMC-ODS, dapat mong matugunan ang sumusunod na pamantayan:

- Dapat kang naka-enroll sa Medi-Cal.
- Dapat kang nakatira sa isang county na kasali sa DMC-ODS.
- Dapat mayroon kang kahit na isang diagnosis mula sa Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders (DSM) ng Isang Karamdaman na may kaugnayan sa droga at adiksiyon (Substance-Related and Addictive Disorder). Sinumang matanda, o kabataan na wala pa sa edad na 21, na tinasa bilang “nasa panganib” na magkaroon ng SUD ay magiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Early Intervention kung hindi nila natugunan ang pamantayan para sa medikal na pangangailangan.
- Dapat mong matugunan ang pagbibigay-kahulugan ng American Society of Addiction Medicine (ASAM) sa medikal na pangangailangan para sa mga serbisyong batay sa ASAM Criteria (Ang ASAM Criteria ay mga pambansang pamantayan sa paggamot para sa mga kondisyong may kaugnayan sa adiksiyon at droga/alak).

Hindi mo kailangang malaman na mayroon kang diagnosis para humingi ng tulong. Tutulungan ka ng DMC-ODS plan ng iyong county upang makuha ang impormasyong ito at tutukuyin ang medikal na pangangailangan sa pamamagitan ng isang pagtatasa.

PAGPILI NG TAGAPAGKALOOB

PAANO AKO MAKAKAHANAP NG ISANG TAGAPAGKALOOB PARA SA MGA SERBISYO NA PAGGAMOT NG SUBSTANCE USE DISORDER NA KAILANGAN KO?

Maaaring maglagay ng ilang mga limitasyon ang County Plan sa iyong mga pagpipiliang tagapagkaloob. Dapat bigyan ka ng pagkakataon ng DMC-ODS plan ng iyong county na pumili sa pagitan ng kahit na dalawang tagapagkaloob sa simula ng iyong mga serbisyo, maliban na lang kung may magandang dahilan ang County Plan kung bakit ito hindi makapagbibigay ng pagpipilian, halimbawa, iisa lamang ang tagapagkaloob na makapaghahatid ng serbisyong kailangan mo. Dapat pahintulutan ka ng iyong County Plan na magpalit ng tagapagkaloob. Kapag hiniling mo na magpalit ng tagapagkaloob, dapat kang pahintulutan ng county na pumili sa pagitan ng kahit na dalawang tagapagkaloob, maliban na lang kung mayroong magandang dahilan para hindi gawin iyon.

Minsan, ang mga nakakontratang tagapagkaloob ng county ay umaalis sa network ng county sa kanilang sarili o sa hiling ng County Plan. Kapag nangyari ito, dapat gumawa ng pagsisikap na magbigay nang walang masamang layunin ang County Plan ng nakasulat na abiso ng terminasyon ng isang nakakontratang tagapagkaloob ng county sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap o mailabas ang abiso ng terminasyon, sa bawat taong tumanggap ng mga serbisyo ng paggamot ng SUD mula sa tagapagkaloob.

SA SANDALING MAKAHANAP AKO NG TAGAPAGKALOOB, MAAARI BANG SABIHIN NG COUNTY PLAN SA TAGAPAGKALOOB KUNG ANONG MGA SERBISYO ANG KUKUNIN KO?

Ikaw, ang iyong tagapagkaloob, at ang County Plan ay lahat kasangkot sa pagpasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap sa pamamagitan ng county gamit ang mga pamantayan sa medikal na pangangailangan at ang listahan ng mga sakop na serbisyo. Minsan, iiwan ng county ang pagpapasya sa iyo at sa iyong tagapagkaloob. Sa ibang oras, maaaring hilingin ng iyong County Plan sa iyong tagapagkaloob na hilingin sa County Plan na pag-aralan ang mga dahilan kung bakit sa tingin ng tagapagkaloob na kailangan mo ang serbisyo bago ipagkaloob ang serbisyo. Dapat gumamit ang County Plan ng kwalipikadong propesyonal para magsagawa ng pagsusuring ito. Ang proseso ng pagsusuring ito ay tinatawag na plan payment authorization process o proseso ng pagbibigay awtorisasyon sa pagbabayad ng plan.

Ang proseso ng pagbibigay awtorisasyon ng County Plan ay dapat sumunod sa mga partikular na timeline. Para sa isang karaniwang awtorisasyon, dapat magpasya ang plan sa hiling ng iyong tagapagkaloob sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo. Kung hiniling mo o ng iyong tagapagkaloob o kung sa tingin ng County Plan na para sa ikabubuti mo kung kumuha pa ng higit pang impormasyon mula sa iyong tagapagkaloob, maaaring pahabain ang timeline nang hanggang sa isa pang 14 na araw ng kalendaryo. Bilang halimbawa ng kung kailan ang isang pagpapahaba ay nasa iyong interes ay kapag sa tingin ng county na maaari nitong aprubahan ang kahilingan ng iyong tagapagkaloob para sa awtorisasyon kung mayroong karagdagang impormasyon mula sa iyong tagapagkaloob ang County Plan at kailangang tanggihan ang kahilingan kung wala ang impormasyong ito. Kapag pinahaba ng County Plan ang timeline, papadalhan ng ka ng county ng nakasulat na abiso tungkol sa pagpapahaba ng oras o pag-extend.

Kung hindi gumawa ng pasya ang county sa loob ng timeline na kinakailangan para sa isang karaniwan o pinabilis na hiling para sa awtorisasyon, dapat kang padalhan ng County Plan ng *Notice of Adverse Benefit Determination* na nagsasabi sa iyo na tinanggihan ang mga serbisyo at maaari kang maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado o *State Fair Hearing*.

Maaari kang humiling sa County Plan para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso nito ng awtorisasyon. Tingnan ang seksyon sa harap ng handbook na ito upang makita kung paano hilingin ang impormasyon.

Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng County Plan sa isang proseso ng awtorisasyon, maaari kang maghain ng apela sa county o humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado o *State Fair Hearing*.

ALING MGA TAGAPAGKALOOB ANG GINAGAMIT NG AKING DMC-ODS PLAN?

Kung bago ka sa County Plan, makikita ang isang kumpletong listahan ng iyong mga tagapagkaloob sa dulo ng handbook na ito at naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa kung saan matatagpuan ang mga tagapagkaloob, ang ipinagkakaloob nilang mga serbisyo sa paggamot ng SUD, at iba pang impormasyon upang matulungan kang ma-access ang pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong kultural at pang-wika na available mula sa mga tagapagkaloob. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga tagapagkaloob, tawagan ang toll-free na numero ng telepono ng iyong county na makikita sa seksyon sa harap ng handbook na ito.

NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION

ANO ANG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION?

Ang *Notice of Adverse Benefit Determination*, na tinatawag minsan na NOABD, ay isang form na ginagamit ng DMC-ODS plan ng iyong county upang sabihin sa iyo kung kailan gumawa ng desisyon ang plan tungkol sa kung makakakuha ka o hindi ng mga serbisyong paggamot ng SUD ng Medi-Cal. Isang *Notice of Adverse Benefit Determination* ang ginagamit din para sabihin sa iyo kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi naresolbahan sa oras, o kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan na timeline ng County Plan para sa pagkakaloob ng mga serbisyo.

KAILAN AKO MAKAKAKUHA NG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION?

Makakakuha ka ng *Notice of Adverse Benefit Determination*:

- Kung ang iyong County Plan o isa sa mga tagapagkaloob ng County Plan ay nagpasya na hindi ka kwalipikadong makatanggap ng anumang mga serbisyo sa paggamot ng SUD ng Medi-Cal dahil hindi mo natugunan ang mga pamantayan sa medikal na pangangailangan.
- Kung sa tingin ng iyong tagapagkaloob na kailangan mo ng serbisyo sa SUD at hiniling sa County Plan na aprubahan ito, ngunit hindi sumasang-ayon ang County Plan at tinanggihan ang hiling ng iyong tagapagkaloob, o binago ang uri o dalas ng serbisyo. Kadalasan, makakatanggap ka ng *Notice of Adverse Benefit Determination* bago mo matanggap ang serbisyo, ngunit minsan dumadating ang *Notice of Adverse Benefit Determination* pagkatapos mong matanggap ang serbisyo, o habang tinatanggap mo ang serbisyo. Kung nakuha mo ang *Notice of Adverse Benefit Determination* pagkatapos mong matanggap ang serbisyo, hindi mo kailangang bayaran ang serbisyo.

- Kung hiniling ng iyong tagapagkaloob na aprubahan ito ng County Plan, ngunit kailangan pa ng County Plan ng higit pang impormasyon para gumawa ng desisyon at hindi nakumpleto sa oras ang proseso ng pag-aproba.
- Kung hindi nagbigay ng mga serbisyo sa iyo ang iyong County Plan batay sa mga timeline na itinakda ng County Plan. Tawagan ang iyong County Plan upang malaman kung nagtakda ang County Plan ng mga pamantayan na timeline.
- Kung naghain ka ng hinaing sa County Plan at hindi ka binalikan ng County Plan ng isang nakasulat na pasya sa iyong hinaing sa loob ng 90 araw ng kalendaryo. Kung naghain ka ng apela sa County Plan at hindi ka binalikan ng County Plan ng isang nakasulat na desisyon sa iyong apela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo o, kung naghain ka ng pinabilis na apela, at hindi ka nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.

LAGI BA AKONG MAKAKATANGGAP NG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION KAPAG HINDI KO MAKUKUHA ANG MGA SERBISYONG NAIS KO?

May ilang mga kaso kung saan maaaring hindi ka makakatanggap ng *Notice of Adverse Benefit Determination*. Maaari ka pa ring maghain ng apela sa County Plan o kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng isang patas na pagdinig ng estado (state fair hearing) kapag nangyari ang mga bagay na ganito. Kasama sa handbook na ito ang impormasyon kung paano maghain ng apela o humiling ng patas na pagdinig. Dapat ding maaaring makuha ang impormasyon sa opisina ng iyong tagapagkaloob.

ANO ANG SASABIHIN SA AKIN NG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION?

Sasabihin sa iyo ng *Notice of Adverse Benefit Determination*:

- Kung ano ang ginawa ng iyong County Plan na nakakaapekto sa iyo at sa iyong abilidad na makakuha ng mga serbisyo.
- Ang petsa kung kailan magiging epektibo ang desisyon at ang dahilan kung bakit ginawa ng plan ang desisyon nito.
- Ang mga patakaran ng estado o pederal na sinusunod ng county nang ginawa ang desisyon.
- Kung ano ang iyong mga karapatan kung hindi ka sumasang-ayon sa kung ano ang ginawa ng plan.
- Kung paano maghain ng apela sa plan.
- Kung paano humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado o *State Fair Hearing*.
- Kung paano humiling ng pinabilis na apela o isang pinabilis na patas na pagdinig.
- Kung paano makakuha ng tulong sa paghain ng apela o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Kung gaano katagal mo kailangan maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

- Kung ikaw ay karapat-dapat magpatuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay ng desisyon sa Apela o Patas na Pagdinig ng Estado.
- Kapag kailangan mong maghain ng Apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado kung nais mong magpatuloy ang mga serbisyo.

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KAPAG NAKATANGGAP AKO NG NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION?

Kapag nakatanggap ka ng *Notice of Adverse Benefit Determination*, dapat mong basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa form. Kung hindi mo naiintindihan ang form, maaari kang tulungan ng iyong County Plan. Maaari mo ring hilingin sa isa pang tao na tulungan ka.

Maaari kang humiling ng pagpapatuloy ng serbisyo na hindi ipinatuloy kapag nagsumite ka ng isang apela o humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing). Dapat hilingin mo ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng pagkaka-postmark o personal na pagkakahatid sa iyo ng *Notice of Adverse Benefit Determination*, o bago ang petsa ng pagiging epektibo ng pagbabago.

MGA PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA

PAANO KUNG HINDI KO MAKUHA ANG MGA SERBISYO NA NAIS KO MULA SA DMC-ODS PLAN NG AKING COUNTY?

Ang iyong County Plan ay may paraan para mo malutas ang problema tungkol sa anumang isyu na may kaugnayan sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD na tinatanggap mo. Ang tawag dito ay proseso ng paglutas ng problema at maaaring bahagi ang mga sumusunod na proseso dito.

1. Ang Proseso ng Hinaing – isang pahayag ng di kasiyahan tungkol sa anumang bagay na may kaugnayan sa mga serbisyo sa iyo sa paggamot ng SUD, maliban sa *Adverse Benefit Determination*.
2. Ang Proseso ng Apela – pagsusuri ng isang desisyon (pagtanggì o mga pagbabago sa mga serbisyo) na ginawa ng County Plan o ng iyong tagapagkaloob tungkol sa iyong mga serbisyo sa paggamot ng SUD.
3. Ang Proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing) – pagsusuri upang tiyakin na matanggap mo ang mga serbisyo sa paggamot ng SUD na kung saan ika’y may karapatan sa ilalim ng programa ng Medi-Cal.

Ang paghain ng hinaing o apela, o isang Patas na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing) ay hindi ibibilang laban sa iyo at hindi maaapektuhan ang mga serbisyo na natatanggap mo. Kapag nakumpleto na ang iyong hinaing o apela, aabisuhan ka at ang iba pang kasangkot ng iyong County Plan tungkol sa huling kinalabasan. Kapag nakumpleto na ang iyong Patas na Pagdinig ng Estado, aabisuhan ka at ang iba pang kasangkot ng Opisina ng Pagdinig ng Estado tungkol sa huling kinalabasan.

Alamin ang higit pa tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

MAAARI BA AKONG MAKAKUHA NG TULONG SA PAGHAIN NG APELA, HINAING O PAGHILING NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO (STATE FAIR HEARING)?

Mayroong mga tao ang iyong County Plan na available para ipaliwanag ang mga prosesong ito sa iyo at tulungan kang mag-ulat ng problema, hinaing man ito, apela, o isang hiling para sa Patas na Pagdinig ng Estado. Maaari ka rin nilang tulungan magpasya kung kwalipikado ka para sa tinatawag na 'pinabilis' na proseso, na nangangahulugan na ito ay susuriin nang mas mabilis dahil nasa panganib ang iyong kalusugan at estabilidad. Maaari mo ring bigyan ng awtorisasyon ang isa pang tao para kumilos sa ngalan mo, kabilang na ang iyong tagapagkaloob ng paggamot ng SUD.

Kung nais mo ng tulong, tumawag sa 1-888-246-3333.

PAANO KUNG KAILANGAN KO NG TULONG SA PAGLUTAS NG PROBLEMA SA DMC-ODS PLAN NG AKING COUNTY PERO HINDI KO GUSTONG MAGHAIN NG HINAING O APELA?

Maaari kang kumuha ng tulong mula sa Estado kung ikaw ay nahihirapan maghanap ng tamang tao sa county na tutulong na gumabay sa iyo sa sistema.

Maaari kang kumuha ng libheng tulong ng abugado sa iyong lokal na opisina para sa legal na tulong o iba pang mga grupo. Maaari kang magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o libheng tulong sa abugado mula sa Public Inquiry and Response Unit:

Tumawag sa toll free na numero: 1-800-952-5253

Kung ikaw ay bingi at gumagamit ng TDD, tumawag sa: 1-800-952-8349

ANG PROSESO NG KARAINGAN

ANO ANG KARAINGAN?

Ang karaingan ay isang pagpapahiwatig ng di kasiyahan tungkol sa anumang bagay na may kaugnayan sa mga serbisyo sa paggamot ng iyong SUD na hindi isa sa mga problema na sakop ng mga proseso sa apela at Patas na Pagdinig ng Estado.

Ang proseso sa karaingan ay:

- Mayroong simple at madaling unawain na mga patakaran na pahihintulutan kang ipresenta ang iyong hinaing nang berbal o nakasulat.
- Hindi ibinibilang laban sa iyo o sa iyong tagapagkaloob sa anumang paraan.
- Pinahihintulutan kang bigyan ng awtorisasyon ang isa pang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang tagapagkaloob. Kung binigyan mo ng awtorisasyon ang isa pang tao na kumilos para sa iyo, maaaring hilingin sa iyo ng County Plan na pumirma ng isang form na nagbibigay awtorisasyon sa plan na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.
- Tinitiyak na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikado na gumawa ng desisyon at hindi kasangkot sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o pagpapasya.
- Kinikilala ang mga papel at tungkulin mo, ng iyong County Plan at ng iyong tagapagkaloob.
- Nagbibigay ng resolusyon ng hinaing sa kinakailangang mga timeframe.

KAILAN AKO MAGHAHAIN NG KARAINGAN?

Maaari kang maghain ng isang hinaing sa County Plan anumang oras kung ikaw ay hindi nasisiyahan sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD na tinatanggap mo mula sa County Plan o may iba pang alalahanin tungkol sa County Plan.

PAANO AKO MAGHAHAIN NG KARAINGAN?

Maaari kang tumawag sa toll-free na numero ng telepono ng iyong County Plan upang humingi ng tulong sa isang hinaing. Magbibigay ang county ng mga *self-addressed envelope* sa lahat ng mga lugar ng tagapagkaloob para ma-mail mo ang iyong hinaing. Ang mga hinaing ay maaaring ihain nang berbal o nakasulat. Hindi na kailangan i-follow up nang nakasulat ang mga hinaing na inihain nang berbal.

PAANO KO MALALAMAN KUNG NATANGGAP NG COUNTY PLAN ANG AKING KARAINGAN?

Ipapaalam sa iyo ng iyong County Plan na natanggap nito ang iyong hinaing sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon.

KAILAN PAGPAPASYAHAN ANG AKING KARAINGAN?

Dapat gumawa ng desisyon ang County Plan tungkol sa iyong hinaing sa loob ng 90 araw ng kalendaryo mula sa petsa na inihain mo ang iyong hinaing. Ang mga timeframe ay maaaring pahabain pa nang hanggang 14 na araw ng kalendaryo kung humiling ka ng extension, o kung

naniniwala ang County Plan na kailangan ng karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay para sa iyong ikabubuti. Isang halimbawa ng pagiging para sa iyong ikabubuti ng isang pagkaantala ay kapag naniniwala ang county na maaari nitong resolbahan ang iyong hinaing kung mayroong higit pang oras ang County Plan na makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iba pang taong kasangkot.

PAANO KO MALALAMAN KUNG NAGPASYA NA ANG COUNTY PLAN TUNGKOL SA AKING KARAINGAN?

Kapag may desisyon na tungkol sa iyong hinaing, aabisuhan ka o ang iyong kinatawan ng County Plan nang nakasulat tungkol sa desisyon. Kung nabigo ang iyong County Plan na abisuhan ka o sinumang apektadong partido ng desisyon tungkol sa hinaing nang nasa oras, bibigyan ka ng County Plan ng *Notice of Adverse Benefit Determination* na nagsasabi sa iyo ng iyong karapatan na humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing). Bibigyan ka ng iyong County Plan ng *Notice of Adverse Benefit Determination* sa petsa ng paglipas ng timeframe.

MAYROONG BANG DEADLINE PARA MAGHAIN NG KARAINGAN?

Maaari kang maghain ng hinaing anumang oras.

ANG PROSESO NG APELA (Karaniwan at Pinabilis)

Ang iyong County Plan ay responsable sa pagpapahintulot sa iyo na humiling ng pagsusuri ng isang desisyon na ginawa ng plan o ng iyong mga tagapagkaloob tungkol sa mga serbisyo sa paggamot ng iyong SUD. Mayroong dalawang paraan ng paghiling ng pagsusuri. Ang isang paraan ay gamit ang karaniwang proseso ng mga apela. Ang pangalawang paraan ay gamit ang pinabilis na proseso ng mga apela. Magkatulad ang dalawang uri ng apela na ito; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan para maging kwalipikado para sa isang pinabilis na apela. Ang mga partikular na kinakailangan ay ipinaliwanag sa ibaba.

ANO ANG KARANIWANG APELA?

Ang isang karaniwang apela ay isang hiling para sa pagsusuri ng isang problema na mayroon ka sa plan o sa iyong tagapagkaloob na maaaring binubuo ng isang pagtanggì o mga pagbabago sa mga serbisyo na sa tingin mo ay kailangan mo. Kung ang hiniling mo ay isang karaniwang apela, maaaring abutin ng 30 araw ng kalendaryo ang County Plan para suriin ito. Kung sa tingin mo na ilalagay sa panganib ang iyong kalusugan ng paghihintay ng 30 araw ng kalendaryo, dapat kang humingi ng isang 'pinabilis na apela.'

Ang karaniwang proseso ng apela ay:

- Magpapahintulot sa iyo na maghain ng apela nang personal, sa telepono, o nang nakasulat. Kung isinumite mo ang iyong apela nang personal o sa telepono, dapat

mo itong i-follow up ng isang pirmadong nakasulat na apela. Maaari kang kumuha ng tulong sa pagsulat ng apela. Kung hindi mo ito i-follow-up ng isang pirmadong nakasulat na apela, hindi ireresolba ang iyong apela. Subalit, ang petsa kung kailan mo isinumite ang iyong berbal na apela ay ang petsa ng paghain o pag-file.

- Magtitiyak na ang paghain ng apela ay hindi ibibilang laban sa iyo o sa iyong tagapagkaloob sa anumang paraan.
- Magpapahintulot sa iyo na magbigay ng awtorisasyon sa isa pang tao para kumilos para sa iyo, kabilang ang isang tagapagkaloob. Kung binigyan mo ng awtorisasyon ang isang tao na kumilos para sa iyo, maaaring hilingin sa iyo ng plan na pumirma sa isang form na nagbibigay ng awtorisasyon sa plan na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.
- Sisiguraduhin na ang iyong mga benepisyong ay magtutuloy sa kahilingan ng isang apela sa loob ng kinakailangang timeframe, na 10 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagkaka-post mark o personal na pagkakahatid sa iyo ng *Notice of Adverse Benefit Determination*. Hindi mo kailangang magbayad para sa ipinagpatuloy na mga serbisyo habang nakabinbin ang apela. Kung humiling ka ng pagpapatuloy ng benepisyong, at ang huling desisyon tungkol sa apela ay nagkukumpirma sa desisyon na bawasan o hindi ipagpatuloy ang serbisyo na iyong tinatanggap, maaaring hilingin sa iyo na bayaran ang halaga ng mga serbisyon ibinigay habang nakabinbin ang apela;
- Magtitiyak na ang mga indibidwal na gumagawa ng pasya ay kwalipikadong gumawa ng pasya at hindi kasangkot sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o pagpapasya.
- Magpapahintulot sa iyo o sa iyong kinatawan na suriin ang file ng iyong kaso, kabilang ang iyong medical record, at anumang iba pang mga dokumento o record na isinaalang-alang sa proseso ng apela, bago at sa panahon ng proseso ng apela.
- Magpapahintulot sa iyo na magkaroon ng makatwirang pagkakataon na magpresenta ng katibayan at alegasyon ng katotohanan o ng batas, nang personal o nang nakasulat.
- Magpapahintulot sa iyo, sa iyong kinatawan, o sa legal na kinatawan ng lupa ng isang namatay na miyembro na maisama bilang mga partido sa apela.
- Ipapaalam sa iyo na ang iyong apela ay sinusuri sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon.
- Magsasabi sa iyo ng iyong karapatan na humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing), kasunod ng pagkumpleto ng proseso ng apela.

KAILAN AKO MAAARING MAGHAIN NG APELA?

Maaari kang maghain ng apela sa DMC-ODS Plan ng iyong county:

- Kung ang iyong county o isa sa mga kinontratang tagapagkaloob ng iyong county ay nagpasya na hindi ka kwalipikado na tumanggap ng anumang mga serbisyo sa paggamot ng SUD ng Medi-Cal dahil hindi mo natugunan ang pamantayan para sa medikal na pangangailangan.

- Kung sa tingin ng iyong tagapagkaloob na kailangan mo ng serbisyo sa paggamot ng SUD at hiningi ang pag-aproba ng county, ngunit hindi sumasang-ayon ang county at tinanggihan ang hiling ng iyong tagapagkaloob, o pinalitan ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung hiniling ng iyong tagapagkaloob ang pag-aproba ng County Plan, ngunit kailangan pa ng county ng higit pang impormasyon upang gumawa ng desisyon at hindi kumumpleto sa oras ang proseso ng pag-aproba.
- Kung hindi nagbigay ng mga serbisyo ang iyong County Plan sa iyo batay sa mga timeline na itinakda ng County Plan.
- Kung sa tingin mo hindi sapat ang bilis ng paghahatid ng mga serbisyo ng County Plan para matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Kung ang iyong hinaing, apela o pinabilis na apela ay hindi naresolba sa oras.
- Kung ikaw at ang iyong tagapagkaloob ay hindi magkasundo sa mga serbisyo sa SUD na kailangan mo.

PAANO AKO MAKAKAPAGHAIN NG APELA?

Maaari mong tawagan ang toll-free na numero ng telepono ng iyong County Plan upang humingi ng tulong sa paghain ng apela. Magbibigay ang plan ng mga *self-addressed envelope* sa lahat ng mga lugar ng tagapagkaloob para maipadala mo ang iyong apela.

PAANO KO MALALAMAN KUNG NAPAGPASYAHAN NA ANG AKING APELA?

Aabisuhan ka o ang iyong kinatawan ng DMC-ODS plan ng iyong county nang nakasulat tungkol sa kanilang desisyon sa iyong apela. Ang abiso ay magtataglay ng sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng resolusyon ng apela.
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon sa apela.
- Kung ang apela ay hindi naresolbahan nang ganap sa iyong pabor, maglalaman din ang abiso ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Patas na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing) at ang patakaran sa paghiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado.

MAYROON BANG DEADLINE SA PAGHAIN NG APELA?

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa sa *Notice of Adverse Benefit Determination*. Tandaan na hindi ka laging makakakuha ng *Notice of Adverse Benefit Determination*. Walang mga deadline para sa paghain ng apela kapag nakakuha ka ng *Notice of Adverse Benefit Determination*; kaya maaari kang maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.

KAILAN GAGAWIN ANG PAGPAPASYA TUNGKOL SA AKING APELA?

Dapat pagpasyahan ng County Plan ang iyong apela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa araw na natanggap ng County Plan ang iyong hiling para sa isang apela. Ang mga timeframe ay maaaring pahabain pa nang hanggang 14 na araw ng kalendaryo kung humiling ka ng extension, o kung naniniwala ang County Plan na kailangan ng karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay para sa iyong ikabubuti. Isang halimbawa ng pagiging para sa iyong ikabubuti ng isang pagkaantala ay kapag naniniwala ang county na maaari nitong aprobahan ang iyong apela kung mayroong higit pang oras ang County Plan na kumuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iyong tagapagkaloob.

PAANO KUNG HINDI AKO MAKAKAHINTAY NG 30 ARAW PARA SA DESISYON SA AKING APELA?

Ang proseso ng apela ay maaaring mas mabilis kung kwalipikado ito para sa pinabilis na proseso ng mga apela.

ANO ANG PINABILIS NA APELA?

Ang pinabilis na apela ay isang mas mabilis na paraan ng pagpapasya sa isang apela. Ang pinabilis na proseso ng mga apela ay sumusunod sa katulad na proseso ng karaniwang proseso ng mga apela. Gayunman,

- Dapat tumugon sa ilang mga kinakailangan ang iyong apela.
- Sumusunod din ang pinabilis na proseso ng mga apela sa ibang mga deadline kaysa sa karaniwang mga apela.
- Maaari kang gumawa ng berbal na hiling para sa isang pinabilis na apela. Hindi kailangang nakasulat ang iyong hiling para sa pinabilis na apela.

KAILAN AKO MAAARING MAGHAIN NG PINABILIS NA APELA?

Kung sa tingin mo na ang paghihintay ng 30 araw ng kalendaryo para sa isang desisyon sa karaniwang apela ay maglalagay sa panganib ng iyong buhay, kalusugan, o kakayahan na makakuha, makapanatili, o makamit muli ang pinakamainam na paggana o pagkilos, maaari kang humiling ng isang pinabilis na resolusyon sa isang apela. Kung sumasang-ayon ang County Plan na tumutugon ang iyong apela sa mga kinakailangan para sa pinabilis na apela, reresolbahan ng iyong county ang iyong pinabilis na apela sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ng County Plan ang apela. Ang mga timeframe ay maaaring pahabain pa nang hanggang 14 na araw ng kalendaryo kung humiling ka ng extension, o kung ipinakita ng County Plan na kailangan ng karagdagan impormasyon at ang pagkaantala ay para sa iyong ikabubuti.

Kung pinahaba ng County Plan ang mga timeframe, bibigyan ka ng plan ng nakasulat na paliwanag kung bakit pinalawig ang timeframe.

Kung nagpasya ang County Plan na hindi kwalipikado ang iyong apela para sa isang pinabilis na apela, dapat gumawa ang County Plan ng makatwirang mga pagsisikap para bigyan ka ng maagap na berbal na abiso at aabisuhan ka nang nakasulat sa loob ng 2 araw ng kalendaryo at inilalahad sa iyo ang dahilan ng desisyon. Pagkatapos nito, ang iyong apela ay susunod sa mga timeframe para sa karaniwang apela na ibinalangkas kanina sa seksyon na ito. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na ang iyong apela ay hindi tumutugon sa pamantayan para sa pinabilis na apela, maaari kang maghain ng hinaing.

Sa sandaling resolbahan ng iyong County Plan ang iyong pinabilis na apela, aabisuhan ka ng plan at lahat ng apektadong partido nang berbal o nakasulat.

ANG PROSESO NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO

ANO ANG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO (STATE FAIR HEARING)?

Ang Patas na Pagdinig ng Estado ay isang malayang pagsusuri na isinasagawa ng California Department of Social Services upang tiyakin na matatanggap mo ang mga serbisyo sa paggamot sa SUD na kung saan ikaw ay may karapatan sa ilalim ng programa ng Medi-Cal.

ANO ANG MGA KARAPATAN KO SA PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?

Ikaw ay may karapatan na:

- Magkaroon ng pagdinig sa presensya ng California Department of Social Services (na tinatawag din na Patas na Pagdinig ng Estado o State Fair Hearing).
- Sabihan kung paano humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado.
- Sabihan tungkol sa mga patakaran tungkol sa representasyon sa Patas na Pagdinig ng Estado o State Fair Hearing.
- Ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo sa iyong kahilingan sa panahon ng proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado kung humiling ka ng isang Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng mga itinakdang timeframe.

KAILAN AKO MAAARING MAG-FILE PARA SA ISANG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?

Maaari kang mag-file para sa isang patas na pagdinig ng estado:

- Kung nakumpleto mo ang proseso ng apela ng County Plan.
- Kung ang iyong county o isa sa mga kinontratang tagapagkaloob ng iyong county ay nagpasya na hindi ka kwalipikado para makatanggap ng anumang mga serbisyo sa

paggamot ng SUD ng Medi-Cal dahil hindi mo natutugunan ang mga pamantayan para sa medikal na pangangailangan.

- Kung sa tingin ng iyong tagapagkaloob na kailangan mo ang serbisyo sa paggamot ng SUD at hiniling ang pag-aproba ng County Plan, ngunit hindi sumasang-ayon ang County Plan at tinanggihan ang hiling ng iyong tagapagkaloob, o binago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung hiniling ng iyong tagapagkaloob ang pag-aproba ng County Plan, ngunit kailangan pa ng county ang higit pang impormasyon para gumawa ng desisyon at hindi nakumpleto sa oras ang proseso ng pag-aproba.
- Kung hindi naibigay ng iyong County Plan ang mga serbisyo sa iyo batay sa mga timeline na itinakda ng county.
- Kung sa tingin mo na hindi sapat ang bilis ng paghahatid ng serbisyo ng County Plan para matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi naresolba sa oras.
- Kung ikaw at ang iyong tagapagkaloob ay hindi magkasundo sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD na kailangan mo.

PAANO AKO HIHLING NG ISANG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?

Maaari kang direktang humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado mula sa California Department of Social Services. Maaari kang humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagsusulat sa:

*State Hearings Division
California Department of Social Services
744 P Street, Mail Station 9-17-37
Sacramento, California 95814*

Maaari ka ring tumawag sa 1-800-952-8349 o para sa TDD 1-800-952-8349.

MAY DEADLINE BA SA PAG-FILE NG ISANG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?

Mayroon ka lamang 120 araw ng kalendaryo para humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado. Magsisimula ang 120 araw kinabukasan mula sa araw na personal na binigay sa iyo ng County Plan ang desisyon sa apela, o kinabukasan mula sa petsa ng postmark ng abiso sa desisyon sa apela ng county.

Kung wala kang natanggap na *Notice of Adverse Benefit Determination*, maaari kang mag-file para sa isang Patas na Pagdinig ng Estado anumang oras.

MAAARI BA AKONG MAGPATULOY SA MGA SERBISYO HABANG NAGHIHINTAY NG DESISYON SA PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?

Oo, kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng paggamot at nais mong ipagpatuloy ang iyong paggamot habang ikaw ay nag-aapela, dapat kang humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng postmark o pagkakahatid sa iyo ng abiso ng desisyon sa apela O bago ang petsa kung kailan sinabi ng iyong County Plan na ihihinto o babawasan ang mga serbisyo. Kapag humiling ka ng isang Patas na Pagdinig ng Estado, dapat mong sabihin na nais mong patuloy na matanggap ang iyong paggamot. Bilang karagdagan, hindi mo kailangang bayaran ang mga serbisyong natanggap habang nakabinbin ang Patas na Pagdinig ng Estado.

Kung hiniling mo ang pagpapatuloy ng benepisyo, at kinumpirma ng huling desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado ang desisyon na bawasan o hindi ipagpatuloy ang serbisyo na tinatanggap mo, maaaring hilingin sa iyo na bayaran ang halaga ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang patas na pagdinig ng estado.

PAANO KUNG HINDI AKO MAKAKAHINTAY NG 90 ARAW PARA SA DESISYON SA AKING PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO?

Maaari kang humiling ng isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado kung sa tingin mo ang normal na 90 araw ng kalendaryo na timeframe ay magdudulot ng malubhang mga problema sa iyong kalusugan, kabilang ang mga problema sa iyong kakayahan na makuha, mapanatili, o makamit muli ang mahahalagang function sa buhay. Pag-aaralan ng Department of Social Services, State Hearings Division, ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado at pagpapasyahan kung ito ay kwalipikado. Kung inaprubahan ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na pagdinig, isasagawa ang isang pagdinig at ilalabas ang isang desisyon sa pagdinig sa loob ng 3 araw ng trabaho mula sa petsa ng pagkakatanggap ng iyong kahilingan ng State Hearings Division.

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMANG MEDI-CAL NG ESTADO NG CALIFORNIA

SINO ANG MAAARING MAKAKUHA NG MEDI-CAL?

Maaari kang maging kwalipikado sa Medi-Cal kung ikaw ay nasa isa sa mga grupong ito:

- 65 taong gulang pataas
- Wala pang 21 taong gulang
- Nasa sapat na gulang, sa pagitan ng 21 at 65 taong gulang batay sa kita

- Bulag o may kapansanan
- Buntis
- Ilang mga partikular na refugee, o Cuban/Haitian na mga imigrante
- Tumatanggap ng pangangalaga sa isang nursing home

Dapat nakatira ka sa California para maging kwalipikado sa Medi-Cal. Tumawag o bumisita sa lokal na opisina ng mga serbisyong panlipunan ng iyong county para humingi ng application para sa Medi-Cal, o kunin ito sa Internet sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/pages/MediCalApplications.aspx>

KAILANGAN KO BANG MAGBAYAD PARA SA MEDI-CAL?

Maaaring kailangan mong magbayad para sa Medi-Cal depende sa halaga ng pera na nakukuha o kinikita mo bawat buwan.

- Kung ang iyong kita ay mas mababa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung ang iyong kita ay mas malaki sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kailangan mong magbayad ng kaunting pera para sa iyong medikal o mga serbisyo sa paggamot ng iyong SUD. Ang halaga na babayaran mo ay tinatawag na 'ambag mo sa gastos o share of cost.' Sa sandaling bayaran mo ang iyong 'ambag sa gastos,' babayaran ng Medi-Cal ang natitirang sakop na medical bill mo para sa buwang iyon. Sa mga buwan na wala kang gastos na medikal, wala kang babayang anuman.
- Maaaring kailangan mong magbayad ng 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Nangangahulugan ito na magbabayad ka ng halaga mula sa sarili mong bulsa kada makakuha ka ng serbisyong medikal o paggamot sa SUD o isang iniresetang gamot at isang co-payment kung pumunta ka sa emergency room ng ospital para sa mga regular na serbisyo sa iyo.

Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagkaloob kung kailangan mong magbigay ng co-payment.

SAGOT BA NG MEDI-CAL ANG TRANSPORTASYON?

Kung nahihirapan kang pumunta sa iyong mga medikal na appointment o appointment sa paggamot sa droga at alak, maaari kang tulungan ng programang Medi-Cal na maghanap ng transportasyon.

- Para sa mga bata, ang programa ng county na Child Health and Disability Prevention (CHDP) ay maaaring makatulong. Maaaring nais mo ring makipag-ugnayan sa opisina ng mga serbisyong panlipunan ng iyong county. Ang social services ng San Francisco ay maaaring matagpuan sa Human Service Agency ng San Francisco. Ang Family and Children Services ay maaaring puntahan sa <http://www.sfhsa.org/174.htm> o sa pamamagitan ng TALK line (415-441-KIDS). Maaari ka ring kumuha ng impormasyon

sa online sa pamamagitan ng pagbisita sa www.dhcs.ca.gov, pagkatapos ay i-klik ang 'Services' at pagkatapos ang 'Medi-Cal.'

- Para sa mga nasa hustong gulang, ang tanggapan ng social services ng iyong county ay maaaring tumulong. Para sa kumpletong listahan ng mga lugar ng Human Service Agency sa San Francisco, mangyaring bumisita sa <http://www.sfhsa.org>.
- <http://www.sfhsa.org/6636.htm>. O maaari ka ring kumuha ng impormasyon sa online sa pamamagitan ng pagbisita sa www.dhcs.ca.gov, pagkatapos ay i-klik ang 'Services' at pagkatapos ang 'Medi-Cal.'
- www.dhcs.ca.gov, at pagkatapos, pag-click ng 'Mga Serbisyo' at pagkatapos, 'Medi-Cal.'
- Kung ikaw ay naka-enroll sa Managed Care Plan (MCP) ng Medi-Cal, kailangang tumulong ang MCP sa transportasyon ayon sa Section 14132 (ad) ng Welfare and Institutions Code. Ang mga serbisyo sa transportasyon ay available para sa lahat ng pangangailangan sa serbisyo, kabilang iyong mga hindi kasama sa programang DMC-ODS.

MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG MIYEMBRO

ANO ANG MGA KARAPATAN KO BILANG ISANG TUMATANGGAP NG MGA SERBISYONG DMC-ODS?

Bilang isang taong karapat-dapat sa Medi-Cal at nakatira sa isang DMC-ODS pilot program na county, may karapatan kang makatanggap ng kinakailangang medikal na mga serbisyo sa paggamot ng SUD mula sa County Plan. May karapatan kang:

- Tratuhan nang may paggalang, na binibigyan ng angkop na konsiderasyon ang iyong karapatan sa privacy at ang pangangailangan na panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng iyong impormasyong medikal.
- Makatanggap ng impormasyon sa mga maaaring opsyon at alternatibo sa paggamot, na inilalahad sa isang paraan na angkop sa kondisyon at kakayahang umunawa ng Miyembro.
- Makilahok sa mga desisyon tungkol sa pangangalaga ng may kaugnayan sa iyong SUD, kabilang ang karapatan na tumanggi sa paggamot.
- Makatanggap ng nasa oras na access sa pangangalaga, kabilang ang mga serbisyon available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kapag medikal na kinakailangan para gamutin ang isang emerhensyang kondisyon o isang apurahan o mapanganib na kondisyon.
- Makatanggap ng impormasyon sa handbook na ito tungkol sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD na sakop ng DMC-ODS plan ng county, iba pang mga obligasyon ng County Plan at ang iyong mga karapatan tulad ng inilarawan dito.
- Protektahan ang iyong kumpidensyal na impormasyon.
- Humiling at makatanggap ng kopya ng iyong mga medical record, at humiling na ang mga ito'y baguhin o itama tulad ng nakatukoy sa 45 CFR §164.524 at 164.526.

- Makatanggap ng mga nakasulat na materyales sa alternatibong mga format (kabilang ang Braille, malalaking font ng titik, at audio format) kapag hiniling at napapanahon na angkop para sa format na hinihiling.
- Makatanggap ng mga serbisyo sa berbal na pagsasalang-wika para sa wikang ninanais mo.
- Makatanggap ng mga serbisyo sa paggamot ng SUD mula sa isang County Plan na sumusunod sa mga kinakailangan ng kontrata nito sa Estado sa mga lugar na available ang mga serbisyo, katiyakan ng sapat na kapasidad at mga serbisyo, pag-aayos at pagpapatuloy ng pangangalaga, at pagkasakop at awtorisasyon ng mga serbisyo.
- Mag-access ng mga *Minor Consent Service* o Serbisyo sa Pagpayag ng Menor de edad, kung ikaw ay menor de edad.
- Mag-access nang nasa oras ng mga serbisyong medikal na kinakailangan na labas sa network, kung walang empleyado o nakakontratang tagapagkaloob na makapaghahatid ng mga serbisyo. Ang “Out-of-network provider” o tagapagkaloob na wala sa network ay tumutukoy sa isang tagapagkaloob na hindi kabilang sa listahan ng mga tagapagkaloob ng County Plan. Dapat siguraduhin ng county na hindi ka magbabayad ng anumang dagdag para sa pagpapatingin sa isang tagapagkaloob na wala sa network. Maaari kang makipag-ugnayan sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-888-246-3333 para sa impormasyon kung paano makatanggap ng mga serbisyo mula sa isang tagapagkaloob na wala sa network.
- Humiling ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob ng network ng county, o sa labas ng network, nang walang dagdag na gastos sa iyo.
- Maghain ng mga hinaing, berbal man o nakasulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap.
- Humiling ng apela, berbal man o nakasulat, sa sandaling matanggap ang isang *notice of adverse benefit determination*.
- Humiling ng isang patas na pagdinig ng Estado sa Medi-Cal, kabilang ang impormasyon sa mga kalagayan kung saan possible ang isang pinabilis na patas na pagdinig.
- Maging malaya mula sa anumang uri ng pagpigil o seklusyon na ginagamit bilang paraan ng pagpuwersa, pagdisiplina, kaluwagan, o pagganti.
- Maging malaya na gamitin ang mga karapatang ito nang hindi naaapektuhan nang masama ang kung paano ka tinatrato ng County Plan, mga tagapagkaloob, o ng Estado.

ANO ANG AKING MGA RESPONSABILIDAD BILANG ISANG TAGATANGGAP NG MGA SERBISYONG DMC-ODS?

Bilang tagatanggap ng serbisyong DMC-ODS, responsibilidad mong:

- Basahing maigi ang mga materyales na nagbibigay-alam sa mga miyembro na natanggap mo mula sa County Plan. Ang mga materyales na ito ay makakatulong sa iyo na maintindihan kung aling mga serbisyo ang available at paano makakuha ng paggamot kung kailangan mo ito.
- Puntahan ang/Sumailalim sa iyong paggamot ayon sa iskedyul. Makukuha mo ang pinakamagandang resulta kung susundan mo ang iyong plano ng paggamot. Kung kailangan mong magmintis sa isang appointment, tawagan ang iyong tagapagkaloob nang hindi bababa sa 24 na oras nang maaga at iskedyul muli sa ibang araw at oras.
- Laging dalhin ang iyong Medi-Cal (County Plan) ID card at photo ID kapag ikaw ay pupunta o sasailalim sa paggamot.
- Ipaalam sa iyong tagapagkaloob kung kailangan mo ng tagapagsaling-wika bago ang iyong appointment.
- Sabihin sa iyong tagapagkaloob ang lahat ng iyong mga alalahaning medikal para maging tumpak ang plano ng paggamot. Mas magiging matagumpay ang iyong paggamot kung mas kumpleto ang impormasyon na ibabahagi mo tungkol sa iyong mga pangangailangan.
- Siguraduhin na magtanong sa iyong tagapagkaloob ng anumang mga katanungan na mayroon ka. Napakahalaga na lubusan mong naiintindihan ang plano ng iyong paggamot at iba pang impormasyon na matatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Sundin ang plano ng paggamot na pinag-usapan ninyo ng iyong tagapagkaloob.
- Maging handang bumuo ng isang matibay na pakikipag-ugnay sa iyong tagapagkaloob na gumagamot sa iyo.
- Makipag-ugnayan sa County Plan kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga serbisyo sa iyo o kung mayroon kang anumang mga problema sa iyong tagapagkaloob na hindi mo malutas.
- Sabihin sa iyong tagapagkaloob at sa County Plan kung mayroong anumang pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang address, numero ng telepono, at iba pang impormasyong medikal na maaaring makaapekto sa iyong kakayahan na makilahok sa paggamot.
- Tratuhan nang may paggalang at kagandahang-loob ang mga kawani na nagbibigay sa iyo ng paggamot.
- Kung naghihinala ka ng pandaraya o pagkakamali, isumbong mo. Ang Department of Public Health ng San Francisco ay may di-nagpapakilala at kompidensiyal na hotline; 1-855-729-6040.

DIREKTORYO NG MGA TAGAPAGKALOOB

<https://public.tableau.com/profile/sfdph.business.intelligence#!/vizhome/BHSPProviderDirectory-Tagalog/INFORMATION?publish=yes>